### Prepasyo ng mga Apostol

**Vere dignum** et iustum est, æquum et salutáre: Te, Dómine, supplíciter exoráre, ut gregem tuum, Pastor ætérne, non déseras:

**Tunay ngang marapat** at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali: Hinihiling namin, O Pastol na walang hanggan, upang huwag pabayaan ang iyong kawan.

Sed per beátos Apóstolos tuos, contínua protectióne custódias: Ut iísdem rectóribus gubernétur, quos óperis tui vicários eídem contulísti præésse pastóres.

Sa mga banal na Apostol, lagi mo itong pangalagaan at ipagtanggol: nawa'y kalingain at pamunuan ng mga pinuno ng banal Mong Simbahan ang iyong kawan, nang maipagpatuloy nila ang gawain ng mga Apostol.

Et ídeo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatiónibus, cumque omni milítia cæléstis exércitus, hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**

### Antipona sa Komunyon • *Mt 4:19-20*

**Venite** post me: fáciam vos fíeri piscatóres hóminum; at illi contínuo, relíctis rétibus, secúti sunt Dóminum.

**Sumunod** kayo sa akin at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao. At agad nilang iniwan ang bangka at ang lahat-lahat: at sumunod sa Panginoon.

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Sumpsimus,** Dómine, divína mystéria, beáti Andréæ Apóstoli festivitáte lætántes: quæ, sicut tuis Sanctis ad glóriam, ita nobis, quǽsumus, ad véniam prodésse perfícias. Per Dominum.

**Tinanggap** namin ang mahal na katawan at dugo ng Iyong Anak, Panginoon, dito sa masayang kapistahan ni Apostol San Andres; at yayamang ito'y pinauunlad mo sa luwalhati ng iyong mga Banal, sana'y maging mabisa ito para sa kapatawaran mula sa aming mga pagsuway. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Noviembre 30*

# SAN ANDRES, Apostol

*Misa "Mihi Autem"*
• *II cl.* • *Doble II cl.* • *Pula*

### Pambungad na Antipona • *Ps 138:17*

**Mihi** autem nimis honoráti sunt amíci tui, Deus: nimis confortátus est principatus eórum. — *Ps 138:1-2* Dómine, probásti me et cognovísti me: tu cognovísti sessiónem meam et resurrectiónem meam. *V.* Gloria Patri. Mihi autem.

**Para sa akin,** ang Iyong mga kaibigan, O Dios, ay talagang sukdol kagalang-galang; ang kanilang pamumuno'y lalo pang pinagtibay. — *Salmo 138:1-2* Panginoon, siniyasat mo ako at nakilala mo ako. Iyong nalalaman kapag ako'y umuupo at kapag ako'y tumatayo. *V.* Luwalhati sa Ama. — Para sa akin...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Majestatem** tuam, Dómine, supplíciter exorámus: ut, sicut Ecclésiæ tuæ beátus Andréas Apóstolus éxstitit prædicátor et rector; ita apud te sit pro nobis perpétuus intercéssor. Per Dóminum.

**Sa Iyong kamahalan,** pakumbaba kaming sumasamo sa iyo, Panginoon; yamang hinirang mo si Apostol San Andres na nangaral at nangasiwa sa iyong Simbahan, nawa'y idalangin niya kaming lagi sa Iyong mahal na harapan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### Sulat • *Rom 10:10-18*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma.

**MGA KAPATID:** Sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayon ay itinuturing na matuwid ng Dios. Nagpapahayag naman siya sa pamamagitan ng kanyang bibig at sa gayon ay naliligtas. Sinabi nga ng kasulatan, "Ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapapahiya." Kaya't walang pagkakaiba ang katayuan ng Judio at ng Hentil. Iisa ang Panginoon ng lahat at siya'y masaganang nagbibigay sa lahat ng tumatawag sa kanya, dahil sinasabi sa kasulatan, "Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon."

Paano naman sila tatawag sa kanya kung hindi sila sumasampalataya? Paano sila sasampalataya kung wala pa silang napakinggan tungkol sa kanya? Paano naman sila makakapakinig kung walang mangangaral sa kanila? At paanong makakapangaral ang sinuman kung hindi siya isinugo? Tulad ng nasusulat, "O kay gandang pagmasdan ang pagdating ng mga nagdadala ng Magandang Balita!" Ngunit hindi lahat ay sumunod sa Magandang Balita, gaya ng sinulat ni Isaias, "Panginoon, sino ang naniwala sa aming ibinalita?" Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig, at ang pakikinig naman ay bunga ng pangangaral tungkol kay Cristo. Subalit ang tanong ko'y ganito: Hindi kaya sila nakapakinig? Oo, sila'y nakapakinig! Sapagkat nasusulat: "Abot sa lahat ng dako ang kanilang tinig, ang sinasabi nila'y nakarating hanggang sa dulo ng daigdig." — *R.* **Salamat sa Dios.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 44:17-18*

| | |
|---|---|
| **CONSTITUES** eos príncipes super omnem terram: mémores erunt nóminis tui, Dómine.<br>*V.* Pro pátribus tuis nati sunt tibi fílii: proptérea pópuli confitebúntur tibi. | **GAGAWIN** mo silang pinuno sa tanang mga lupain, ipaaalala ko sa lahat ang Iyong ngalan, Poong Mahal! *V.* Hahalili ang iyong mga anak para sa inyong mga magulang; kaya't pupurihin Ka ng tanang mga bansa. |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Diléxit Andréam Dóminus in odórem suavitátis. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya!** *V.* Tulad ng isang mahalimuyak na pabango, minahal ng Panginoong Jesus si Apostol Andres. **Aleluya.** |

*Sa mga Misa Votiva makalipas ang* Septuagesima *at buong panahon ng* Kwaresma*, ang* Aleluya *ay papalitan ng sumusunod:*

### TRACTO • *Ps 20:3-4*

| | |
|---|---|
| **DESIDERIUM** ánimæ eius tribuísti ei: et voluntáte labiórum eius non fraudásti eum.<br>*V.* Quóniam prævenísti eum in benedictiónibus dulcédinis.<br>*V.* Posuísti in cápite ejus corónam de lápide pretióso. | **IBINIGAY** Mo ang hangad ng kaniyang kaluluwa, at hindi mo ipinagkait ang hiling ng kaniyang mga labi.<br>*V.* Yamang sinalubong mo siya ng mabubuting pagpapala:<br>*V.* Pinutungan mo siya sa kaniyang ulo ng isang koronang dalisay na ginto. |

### EBANGHELYO • *Mt 4:18-22*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Naglalakad si Jesus sa tabi ng Lawa ng Galilea. Nakita niyang naghahagis ng lambat sa lawa ang dalawang mangingisda, si Simon na tinatawag ding Pedro, at ang kapatid niyang si Andres. Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao." Noon di'y iniwan nila ang kanilang mga lambat at sumunod kay Jesus. Nagpatuloy siya ng paglalakad at nakita rin niya ang magkapatid na Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo. Sila'y nasa bangka kasama ng kanilang ama, at nag-aayos ng lambat. Tinawag din sila ni Jesus. Agad nilang iniwan ang bangka at ang kanilang ama, at sumunod kay Jesus." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

- *May Credo o Sumasampalataya.*

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 138:17*

| | |
|---|---|
| **MIHI** autem nimis honoráti sunt amíci tui, Deus: nimis confortátus est principatus eórum. | **PARA SA AKIN,** ang Iyong mga kaibigan, O Diyos, ay talagang sukdol kagalang-galang; ang kanilang pamumuno'y lalo pang pinagtibay. |

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

| | |
|---|---|
| **SACRIFICIUM** nostrum tibi, Dómine, quǽsumus, beáti Andréæ Apóstoli precátio sancta concíliet: ut, in cujus honóre sollémniter exhibétur, ejus méritis efficiátur accéptum. Per Dóminum. | **KALUGDAN** mo nawa ang aming paghahain sa Iyo, Panginoon, pakundangan sa pagdalangin ni Apostol San Andres, alang-alang sa kaniyang mga ginawa na ngayo'y aming pinararangalan sa kaniyang pitagang kapistahan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... |